# ANG IYONG ULAT SA KREDITO



Ang magandang ulat sa kredito at score sa kredito ay mga mahahalagang bagay sa pagdedetermina kung ang iyong mortgage ay maaaprubahan o hindi. Narito ang ilang mga simpleng hakbang na maaari mong gawin upang mapanatiling maganda ang kasaysayan ng iyong kredito — at lalo pang mapalaki ang pagkakataon na ikaw ay maaprubahan.

## Ano ang Score sa Kredito?

Ang iyong score sa kredito ay isang numero na nagpapakita kung maayos ba ang iyong kalagayang pinansiyal sa isang tukoy na panahon. Nagsisilbi rin itong tagapagtukoy ng iyong nakaraang pananalapi, at kung gaano ka ka-regular sa pagbabayad ng iyong mga singil at utang. Isa ito sa mga salik na isinasaalang-alang ng mga mortgage professional sa pagpili kung karapat-dapat ka ba sa mortgage.

## Paano Aalamin Ang Iyong Score sa Kredito

Para malaman ang inyong score sa kredito, makipag-ugnayan sa dalawang ahensiya ng Canada na nag-uulat ng tungkol sa kredito: Ang **Equifax Canada** sa www.equifax.ca at ang **TransUnion Canada** sa www.transunion.ca.

Bibigyan ka ng mga ahensiyang ito ng isang online na kopya ng inyong score sa kredito pati na ng isang ulat sa kredito — isang detalyadong buod ng kasaysayan ng iyong kredito, kasaysayan ng inyong pagtatrabaho at personal na impormasyong nasa talaan nang may bayad. Makakakuha ka rin ng isang libreng kopya ng iyong ulat sa kredito sa pamamagitan ng koreo. Kung may makikita kang mga mali sa iyong ulat, abisuhan kaagad ang ahensiyang nag-uulat ng kredito at organisasyong responsable sa naturang pagkakamali.

## Kung Wala Kang Score sa Kredito

Mahalaga na magtatag ng isang kasaysayan sa kredito hangga't maaga. Maari kang magsimulang magtatag ng isa sa pamamagitan ng pag-a-apply para sa — at sa responsableng paggamit ng — isang credit card. Makakatulong ang iyong institusyong pinansiyal o mortgage professional.

## Paano Pagagandahin Ang Inyong Score sa Kredito

Ang pagpapakita ng iyong kakayahang pangasiwaan ang iyong kredito ay susi sa pagmementina ng isang magandang score sa kredito. May ilang mga bagay na maaari mong gawin upang mapaganda ang inyong score

67477 08-08-11 Your Credit Report (Tagalog version)

Canada

CMHC SCHL
HOME TO CANADIANS

sa kredito. Kabilang dito ang:

- Laging barayan nang buo ang iyong mga singil at sa tamang panahon. Kung hindi mo mabayaran ang buong halaga, subukang magbayad muna nang hindi bababa sa inaatas na minimum na nakasaad sa iyong buwanang statement.
- Bayaran ang iyong mga pagkakautang tulad ng mga utang, credit card, mga linya ng kredito, at iba pa sa pinakamabilis na panahon hangga't maaari.
- Huwag kahit kailan lalampas sa limitasyon ng inyong credit card, at pagsumikapan na mapanatili ang iyong mga balanse nang mababa sa limitasyon.
- Bawasan ang dami ng credit card o mga aplikasyon sa utang na iyong ginagawa.

Kapag gumanda na ang inyong score sa kredito, makipagtulungan sa iyong mortgage professional upang makakuha ng mortgage na naaayon sa iyo.

## Dagdagan ang Kaalaman

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa score sa kredito at mga ulat, bisitahin ang website ng Financial Consumer Agency of Canada at mag-download o humiling ng isang libreng kopya na kanilang gabay, na Understanding Your Credit Report and Credit Score Alamin ang Inyong Credit Report at Credit Score. Ang gabay na ito ay nagbibigay ng praktikal, diretsahang impormasyon tungkol sa kung paano ka makakakuha at maiintindihan ang iyong ulat at score sa kredito, pati na kung paano ka makakapagtatag at makakapagpanatili ng isang magandang kasaysayan sa kredito.

Para sa karagdagang impormasyon o upang makakuha ng kopya ng mga LIBRENG dokumento tungkol sa iba pang mga aspeto sa pagpapaupa, pagbili at pagkukumpuni ng bahay sa Canada, bisitahin ang **www.cmhc.ca/newcomers**. Sa loob nang higit pa sa 65 taon, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ang naging pambansang ahensya ng Canada para sa pabahay, at mapagkukunan ng walang kinikilingan, maaasahang kaalaman ukol sa pabahay.